MGA HINDI PAGKAKAUNAWAAN SA PRIBADONG ARI-ARIAN: GABAY SA PAGLUTAS NG SALUNGATAN

Kung minsan, ang mga aktibidad na ginagawa ng mga miyembro ng komunidad sa kanilang ari-arian ay maaaring makaapekto sa mga kalapit na ari-arian. Ang mga isyu tulad ng hindi umaavot na non-stormwater o mga namuong sediment sa imprastraktura ng County (kalsada o mga storm drains), ay mga usaping sibil na kailangang pangasiwaan ng mga may-ari ng ari-arian. Kinokontrol ng Estado ng California ang ilang mga aktibidad sa pribadong ari-arian, ngunit ang County ng San Diego ay walang hurisdiksyon sa mga ganitong uri ng mga hindi pagkakaunawaan. **Ginawa ng County ang gabay na ito para suportahan ang paglutas ng salungatan sa pagitan ng mga may-ari ng mga pribadong ari-arian na may kaugnayan sa pagbaha, pagguho, at pag-agos.**

MGA KARANIWANG DI-PAGKAKAUNAWAAN SA PAGITAN NG MGA MAGKAPITBAHAY

Ang mga pagbabago sa landscape na nakakaapekto sa mga halaman, integridad ng istruktura, o panlabas na hitsura ay maaaring humantong sa mga salungatan sa pagitan ng mga magkapitbahay sa pagkakataong mas maraming tubig o sediment ang dumadaloy papunta sa isang kalapit na ari-arian. Maaaring kabilang sa mga pagbabagong ito kapag pinalitan ang mga halaman ng kongkreto, binago ang drainage, o nagdagdag ng panibagong kwarto. Narito ang mga karaniwang sanhi ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng magkakapitbahay:

Pagbaha dahil sa mga pagbabago ng landscape sa mga ari-ariang nasa itaas.

Pagguho na nagdadala ng sediment o nakaimbak na dumi sa mga ari-ariang nasa ibaba.

Mas mabilis na daloy ng pag-agos dahil sa mas maraming kongkreto o iba pang mga impermeable na surface na idinaragdag sa mga ari-ariang nasa itaas.

Pinahahalagahan namin ang iyong mga pagsisikap sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga pribadong ari-arian habang pinoprotektahan ang ating mga daluyan ng tubig. Ang mga usaping sibil na ito ay maaaring maging mahirap, ngunit umaasa kaming ang mga resource na ito ay makakatulong sa mabilisan at matipid na paglutas ng anumang mga isyu na maaaring lumitaw.

MGA SOLUSYON

Nasa ibaba ang ilang libre o murang mga resource na maaaring makatulong sa iyo na maiwasan ang pinsala sa ari-arian at mabawasan ang pagguho. Kabilang sa mga ito ang:

Sandbags



Ang mga departamento ng bumbero sa buong County ng San Diego ay may libreng buhangin at sandbag na magagamit para makatulong na maiwasan ang pagbaha. Hanapin kung aling mga istasyon ng bumbero ang may buhangin at mga bag na malapit sa iyo sa: www.alertsandiego.org/en-us/preparedness/flooding.html

Mga rebate

Ang County ng San Diego Waterscape Rebate Program ay tumutulong na magreimburse sa mga residente para sa mga dram para sa ulan, pagpapalit ng turf, mga smart irrigation controller, pang-ulan na kalsada, at higit pa: www.sandiegocounty.gov/content/sdc/dpw/watersheds/RebatesIncentives.html

Kung hindi mo masolusyunan ang problema nang mag-isa, humingi ng tulong dito:

National Conflict Resolution Center (NCRC)

- Iwasan ang magastos na paglilitis sa pamamagitan ng paggamit ng mga serbisyo sa mediation ng NCRC o mga resource sa paglutas ng salungatan: www.ncrconline.com.
- Naging matagumpay ang NCRC sa paglutas ng mga salungatan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga iisang layunin at pagbuo ng mga solusyon para ayusin ang mga hamon sa kapaligiran.

PEBRERO 2024